REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panlungsod

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BILANG 99-046**

**KAUTUSAN NA INAAMYENDAHAN ANG ORDINANSA BILANG 90-24 HINGGIL SA PANINIGARILYO SA MGA KUBLI O HAYAG NA PAMPUBLIKONG LUGAR SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA AT ANG PAGBIBIGAY NG KAUKULANG PARUSA PARA SA PAGLABAG NITO.**

*************************************************************************

*Ipinanukala nina*: **Kon. Raul R. Corro**
**Kon. Nicanor L. Echavez, MD.**
**Kon. Aldrin L. San Pedro**
**Kon. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kon. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kon. Bal Niefes**
**Kon. Victor L. Ulanday**
**Kon. Dante S. Almario**
**Kon. Elmer S. Espeleta**
**Kon. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kon. Lucio B. Constantino**
**Kon. Mario E. Bulay, Jr.**
**Kon. Artemio A. Simundac**
**Kon. Allan Rey A. Camilon**

*************************************************************************

**SAPAGKAT,** isinasaad ng Artikulo 2 Seksyon 15 ng Saligang Batas na pangangalagaan ng estado ang karapatan sa kalusugan ng mga mamamayan at ang pagkintal ng pangkalusugang kamalayan sa lahat;

**SAPAGKAT,** angking kapangyarihan ng Estado, sa pamamagitan pamahalaang lokal na itaguyod ang kagalingan ng nakararaming mamamayan;

**SAPAGKAT,** ang Kautusang Bayan Bilang 90-24 na nagsasaad na "ang paninigarilyo ay ipinagbabawal sa mga pampublikong lugar" ay mayroong mga hindi malinaw na pagtukoy kung ano ang sakop ng "Smoking Area";

**SAPAGKAT,** ang Talata IV ng Kautusang Bayan Bilang 90-24 na nagsasaad ng mga parusa sa paglabag nito ay hindi na epektibo dahil sa maliit na halaga ng parusang ipinatutupad;

**NGAYON, DAHIL DITO, PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD :**

**SEKSYON 1.** Amyenda. Ang Talata 1 ng Kautusang Bayan 90-24 na nagsasaad:

"Ang pagbabawal ng paninigarilyo (no smoking) sa loob ng pampublikong lugar tulad ng hospital, sinehan, asembly halls, kulob at airconditioned na establisimento/bahay-kalakal, gusali ng pamahalaan, restaurant, paaralan, at sa mga pampublikong pampasaherong dyipni at traysikel ay pinagtibay upang mapangalagaan at maging malinis ang nalalanghap na hangin sa kapaligiran ng mga mamamayan" **ay inaamyendahan upang basahin tulad ng sumusunod:**

**A. LUBUSANG PAGBABAWAL:**

A.1. Ang mga sumusunod ay ang mga pampublikong lugar kung saan lubusang ipinagbabawal ang paninigarilyo:

1. Sa loob at kapaligiran ng mga preparatory, elementarya at sekondaryang paaralan;
2. Sa loob ng mga elevators;
3. Tren, pampasaherong bus, may aircondition o wala, dyipni (PUB o AC), o iba pang pampublikong sasakyan na bumabagtas sa loob ng Muntinlupa;
4. Pampublikong palikuran;
5. Ospital, pribado o pampubliko at ang paligid nito;
6. Loob ng mga sinehan o teatro;
7. Bahay pamahalaan ng Muntinlupa at ang paligid nito;
8. Bahay pamahalaan ng mga barangay at ang paligid nito;
9. Health centers at ang paligid nito;
10. Mga paaralan para sa kolehiyo at matataas na antas;

A.2. Para sa pampublikong kaligtasan, lubusan ding ipinagbabawal ang paninigarilyo sa mga sumusunod na lugar:

1. Ang mga bodega, imbakan at stockrooms;
2. Mga lugar na pinagtataguan o mga pribadong istasyon ng gasolina, cargo trucks, tank vehicles o mga behikulo na naglululan ng nakasusunog na likido, gas o combustible materials;

Inaatasang maglagay ang may-ari o namamahala ng **'NO SMOKING"** na palatandaan o babala sa loob ng mga sasakyang sakop nito at sa harapan ng mga istraktura o establisimentong nabanggit.

**B. DI-LUBUSANG PAGBABAWAL:**

Ang mga sumusunod na pampublikong lugar, establisimento at iba pang lugar ay inaatasan na magtalaga ng ***"smoking area"*** sa kanilang mga gusali o paligid na kinakailangang nasa isang bukas na lunan (open space) o sa isang hiwalay na lugar, may nararapat na bentilasyon at exhaust fans. Para sa layuning ito, ang bentilasyon ay kailangang sumunod sa tadhanain ng P.D. 1096 , ang *"**National Building Code of the Philippines.**"* Kinakailangang ang pampublikong lugar na nakatala sa ibaba ay walang fire hazards o nakaliliyab na likido o gas:

1. Awditoryum/ istadyum/ koliseyum/ gymnasium/ silid pulungan/ lugar na pinagdarausan ng palabas kung saan ang mga tao ay nananatili o nagtipon para sa pulitikal, sosyal, edukasyonal, panrelihiyon, pangkultura, pampalakasan o pang-aliwan na pakay;

2. Mga sentrong pangkultura at kumbensiyon kung saan ang mga dula, pelikula at iba pang mga programa ay isinasagawa;
3. Mga bar, restaurant, cocktail lounges, kantina, kiosko and iba pang pampublikong kainan;
4. Sayawan, disco houses, day at nightclubs, beer/pub houses at iba pang pampublikong lugar na may pasilidad-kainan at sayawan;
5. Department stores, pamilihan, groceries, bakeshops, malls at food chain;
6. Mga hotel, motels, lodging houses at ipa pang kauri;
7. Pabrika at plantang pang-industriyal;
8. Bahay pulisya, tanggapan ng pamatay-sunog at piitang panlungsod;
9. Iba pang gusaling pampamahalaan.

Ang may-ari o ang namamahala ng mga nabanggit na pampublikong lugar sa Seksyon 1 (B) ng ordinansang ito ay inaatasan na maglagay ng **"NO SMOKING"** at **"SMOKING"** na palatandaan sa mga hayag na lugar para sa kaalaman at patnubay ng lahat ng kinauukulan.

Para sa mga establisimentong binabanggit sa Seksyon 1 (B) bilang isa (1) hanggang (4), ang **"NO SMOKING"** at **"SMOKING"** na palatandaan ay kinakailangang may-ilaw at may karampatang laki o sukat upang kaagad na mapuna sa dilim.

**SEKSYON 2**. ***Amyenda.*** Ang Talata IV (b) Kautusang Bayan Bilang 90-24 na nagsasaad:

"Ang mga sumusunod na parusa ay ipapataw sa mga lumabag sa kautusang bayan na ito: Ang parusang multa na halagang Limampung Piso (Php 50.00) multa o pagkabilanggo ng dalawang (2) araw o parehong multa at pagkabilanggo sa malayang pagpapasiya ng hukuman sa **IKALAWANG PAGLABAG;** Tatlong Daang Pisong (Php 300.00) multa bukod sa gastos sa hukuman o pagkabilanggo sa malayang pagpapasiya ng hukuman sa **"IKATLONG PAGLABAG"** ay inaamyendahan :

A. **PARUSA.** Sinuman ang lumabag sa ordinansang ito ay paparusahan ng mga sumusunod:

**UNANG PAGLABAG:** Multang Dalawang Daang Piso (P200.00) o pagkabilango ng mula isa hanggang tatlong araw o parehong multa at pagkabilanggo ayon sa pagpapasiya ng hukuman;

**IKALAWANG PAGLABAG:** Multang Limang Daang Piso (P500.00) o pagkabilanggo mula tatlo hanggang limang araw o parehong multa at pagkabilanggo sa pagpapasiya ng hukuman;

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**IKATLO AT SA MGA SUSUNOD PANG PAGLABAG**: Multang Isang libong Piso (P1,000) o pagkabilanggo ng pitong araw o parehong multa at pagkabilanggo sa pagpapasiya ng hukuman.

B. **TANGING PARUSA PARA SA MGA TAGAPAGPATUPAD. Ang mga** multa na binabanggit sa Seksyon 2 (A) ay ipapataw nang dalawang makaulit o doble sa mga lumabag na tagapagpatupad o opisyal ng pamahalaang lungsod;

K. **PAGPAPASARA NG ESTABLISIMENTO**. Alinman sa mga pampublikong lugar na lumabag sa ordinansang ito ay ipasasara at babawiin ang pahintulot sa pangangalakal gayundin ang pagpapatigil ng operasyon nito. Pananagutin din ang mga namamahala o may-ari ng mga establisimento sa paglabag sa ordinansang ito.

**SEKSYON 3.** ***PAGPAPATUPAD***. Ang Tanggapan ng Punonglungsod, Tanggapan ng Punongbarangay at kagawad ay pinagkakalooban ng kapangyarihan na ipatupad ang ordinansang ito at ang pagbibigay ng kaukulang alituntunin para sa epektibong pagpapatupad nito;

**SEKSYON 4.** ***BISA***. Ang kautusang ito ay magkakabisa sampung (10) araw matapos na ito ay malathala sa pahayagan na may malawak na sirkulasyon.

**PINAGTIBAY** ng *Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa* ngayong **20 ng Oktubre 1999** sa ginanap na ika-**58** Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

**Mggl. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**DANTE S. ALMARIO**
*Konsehal*

**Mggl. JO JASON T. ALCARAZ**
*Konsehal*

**REYNALDO A. ABAS, JR.**
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

*Pahina 5*
***Kautusang Panlungsod Blg. 99-046***

**Dr. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**LIBAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kautusang ito.

**CECILIA C. LAZARTE**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**Mggl. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Tumayong Tagapangulo*

**PINAGTIBAY:**

**Mggl. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*

Petsa: 11-8-99

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos.: 543-0766 * 862-2711 * 862-2377 loc. 141
Telefax: 543-0754 * 862-6196